Ang mga pagpapahalaga o gintong aral na aking natutuhan sa mga pinagdaanang pagsubok ni rizal maipalimbag lamang ang el filibusterismo ay ang pagiging determinado at pagkakaroon ng pagmamahal sa isang layunin na may kaakibat na ginintuang pusong handing tumulong sa bayan.
Nakita ko kay Rizal ang kanyang pagiging pursigido mailimbag lamang ang nobelang el filibusterismo. Handa siyang magsakripisyo para lamang maisakatuparan ang kanyang minimithi. Dito natin makikita kung gaano kahalaga ang bayang kanyang kinabibilangan. Natutunan ko rin na ang pagiging makabayan ang susi sa kalayaan.

Para saakin, mahalagang mabasa ang mapahalagahan ng lahat ng mga Pilipino ang nobelang El Filibusterismo sapagkat minumulat nito ang natutulog na puso natin mula noon magpahanggang ngayon. Tila bulag ang mga Pilipino sa ginagawang panloloko ng mga dayuhan kaya nararapat lamang na magising sila sa katotohanang may mga karapatan tayong ipaglaban angating bayan. Ang nobelang El Filibusterismo napakahusay na isinulat ng ating pambansang bayani upang maipalahad sa lahat ang realidad na nananalaytay sa lipunan. Dapat natin itong pahalagahan upang malaman natin ang hirap na naranasan ng mga Pilipino noon bago pa nakamtan ang inaasam asam na kalayaan. Nag-iwan ito ng napakalaking marka sa kasaysayan ng ating bansa. Ito ang nagsisilbing pondasyon sa pagkamit ng kung ano mayroon tayo ngayon. Sana’y maipalaganap pa ang ganitong klaseng nobela sa bawat tao lalo na sa mga Pilipino dahil ang mga ginintuang aral na makakalap natin rito ay maaari pa nating maipasa sa susunod na henerasyon.

Dahil sa mga nabasa kong sakripisyo at pagpapakahirap ni Rizal maipaabot lang sa mga Pilipino ang nobelang ito ay ipinapangako kong sa pagbabasa nito ay gagamitin ko ang parehong puso at isipan at maging bukas sa lahat ng aking makakalap na aral at mga impormasyon. Naniniwala akong ito ang magsisilbing gabay ko tungo sa pagpapatuloy ng aking buhay. Maibabahagi rin ito sa ating kapwa lalo na sa mga kabataang tulad ko na maaaring magsilbing inspirasyon rin nila upang yumabong ang kanilang pagiging makabayan. Hindi biro ang bumuo ng isang nobelang alam mong maaaring kumitil ng iyong buhay kaya dapat nating

pasalamatan an gating mga bayani lalo na si Dr. Jose Rizal sa kanyang malugod na paglilingkod sa bayang sinilangan.

Ang mga ito naman ang pinagsisikapan kong maabot sa aking buhay:

●Ang makatapos ng pag-aaral upang makatulong sa kapwa at makaambag sap ag-unlad ng ating lipunan

●Maging isang mabuting ihemplo sa mga mamamayan ng ating bansa gaya ng pagtulong sa mga nangangailangan

Ang mga ito ang mga katangian ni Dr. Jose Rizal na dapat kong tularan upang ako ay magwagi:

●Mapagmahal sa bayan at kapwa Pilipino

●Matulungin sa mga nangangailanan

●Masipag sa lahat ng bagay kahit na'y kakailanganin niyang magsakripisyo

●Matapang na sumuong sa anumang unos o problema